

Makipag-ugnayan sa ANZHFR para sa dagdag na impormasyon, o para matawagan ang mga Prinsipal na Tagasiyasat, mangyaring gamitin ang mga detalye sa ibaba:

- **Telepono:** 1300 ANZHFR (269 437)
- **Email:** clinical@anzhfr.org
- **Web:** www.anzhfr.org



Isang pinagtulangang inisyatiba ng:

Osteoporosis Australia
 Osteoporosis New Zealand
 Australian and New Zealand Society for Geriatric Medicine
 Australian Orthopaedic Association
 New Zealand Orthopaedic Association
 Australian and New Zealand Bone and Mineral Society
 Australasian College for Emergency Medicine
 Australasian Faculty of Rehabilitation Medicine
 Royal Australasian College of Surgeons
 Australian and New Zealand Orthopaedic Nurses Association

Australian and New Zealand Hip Fracture Registry (ANZHFR)
 NeuRA
 139 Barker Street
 Randwick NSW 2031

www.anzhfr.org



**Rehistro ng Pagkabali sa Pigi ng Australya at
 New Zealand**
 (Australian and New Zealand Hip Fracture Registry)

Pinabubuti ang mga resulta para sa mga matatanda
 (Enhancing outcomes for older people)

Pakay

Ang pakay ng ANZHFR ay para pagbutihin ang kalidad, kaligtasan at pagka-epektibo ng pangangalaga sa kalusugan na ibinibigay sa mga taong mahigit 50 taong gulang o mas matanda pa na na-ospital dahil sa pagkapilay ng pigi (fractured hip). Gagawin ito ng ANZHFR sa pamamagitan ng paggagamot na pagmo-monitor at pag-uulat ng mga naging resulta nito alinsunod sa mga patnubay para sa mga pangangasiwa ng bali sa pigi (hip fracture) sa Australia at New Zealand.

Anong impormasyon ang kokolektahin?

- Inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga detalye ng matatawagan, pambansang numero ng pangangalaga sa kalusugan at kalagayan sa pamamalagi sa bansa.
- Mga detalye tungkol sa inyong lebel ng pagsasarili bago pa na-ospital at ang inyong kasaysayan sa karamdaman.
- Mga detalye ng inyong pagkakapasok sa ospital, ang tinatanggap na paggagamot, at mga detalye ng inyong paglabas sa ospital.

Pagkapribado ng impormasyon

- Susunod ang ANZHFR sa mga batas ng pagkapribado.
- Matatag na itatago ang impormasyon, na pananatiliing kumpidensyal, at magagamit lamang ng mga aprubadong tauhan ng tanggapan o tagapanaliksik.
- Gagamitin lang ang impormasyon para sa pananaliksik kapag napagkasunduan ng aprubadong nagsasariling Komite ng mga Etika.
- Gagamitin lamang ang impormasyon sa pagbubuo ng mga ulat, presentasyon o paglalathala ngunit sa paraang hindi kayo matutukoy.
- Ibibunyag lang ang impormasyon na may pahintulot ninyo maliban kung kinakailangan ng batas.
- Ang inyong impormasyon ay i-uugnay sa iba pang mga pangangolekta ng datos.

Follow-up pagsapit ng 120 araw mula pagka-ospital

- Tatawag sa inyo sa telepono ang isang tauhan ng kawani ng ospital na pinagpagamutan ninyo at ang tawag ay aabutin ng mga 5-15 minuto.
- Pagtawag sa inyo, tatanungin kayo tungkol sa inyong pagrerekober, ang lebel ng inyong pagkilos, ang grado ng pagsasarili, anumang dagdag na operasyon sa napinsalang pigi at mga gamot na inyong iniinom.

Mga Peligro, Benepisyo, Gastos

- Walang mga peligrong kaakibat sa paglahok sa ANZHFR ngunit may abalang kakabit dahil sa follow-up sa telepono.
- Walang karakang mga benepisyo sa pakikilahok, ngunit ang paglahok ay makakatulong sa pagpapabuti ng mga resulta para sa mga taong daranas ng bali sa pigi sa hinaharap.
- Hindi kayo magagastusan ng anumang karagdagang gastos o tatanggap ng anumang bayad sa pakikilahok sa ANZHFR.

**Rehistro ng Pagkabali sa Pigi ng Australya at New Zealand:
pinabubuti ang mga resulta para sa mga matatanda
(Australian and New Zealand Hip Fracture Registry:
enhancing outcomes for older people)**

Para di-mapalahok sa ANZHFR:

- Telepono: 1300 ANZHFR (269 437)
- Email: optout@anzhfr.org
- Web: www.anzhfr.org

Kung hindi kayo tumanggi, pumapayag kayo na isama ang inyong impormasyon tungkol sa inyo sa ANZHFR at tatawagan kayo para sa follow-up matapos kayong lumabas ng ospital.